Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
Division of Antipolo City

**TANGGAPAN NG PANSANGAY NA TAGAPAMANIHALA NG MGA PAARALAN**



# MENSAHE

Isang maalab na pagbati ng Maligayang Pagtatapos ang ipinaabot ng inyong lingkod sa mga magsisipagtapos ng Taong Panuruan 2015-2016.

Mga magsisi pagtapos, lubos ang aking kasiyahan sa bagong tagumpay na inyong nakamtan na higit na magpapaunlad sa inyong sarili. Labis ang aking paniniwala na kayo ay inihanda ng inyong Inang Paaralan upang harapin ang mas mataas na antas ng hamon ng buhay at pakikipamuhay. Batid ko na taglay ninyo ang mga dapat na kaasalan, sapat na kasanayan at tapat na kaalaman na siya ninyong magagamit sa pagsuong sa pag-aaral o sa paghahanapbuhay o sa paglikha ng sariling pagkakakitaan. Kaakibat nito ay ang aking mataas na pagkilala sa inyong bahaging gagampanan at ipinagmamalaki ko, na kayo ang *"Kabataang Mula sa K to 12, Tagapagdala ng Kaunlaran sa Bansang Pilipinas"*.

Sa mga umuugit sa komunidad ng ating Inang Paaralan ganundin sa mga magulang at sa mga pinuno ng pamahalaang lokal, ang aking mataas na pagpapahalaga at pasasalamat sa inyong patuloy na paniniwala sa kahalagahan ng edukasyon at sa patuloy ninyong suporta upang maipagkaloob ang Edukasyong Tapat at Sapat para sa lahat ng kabataan. Huwag nawa tayong manghinawa sa paggawa ng mabuti at Diyos na po ang bahalang gumanti sa lahat ng ating kontribusyon sa tagumpay na ipinagdiriwang natin ngayon.

Higit sa lahat pasasalamat ating DAKILANG LUMIKHA, sa Kanyang walang hanggang biyaya.

Maraming Salamat po at MABUHAY!

**Dr. ROMMEL C. BAUTISTA, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala